Republic of the Philippines
# Department of Education
Cordillera Administrative Region
SCHOOLS DIVISION OFFICE OF ABRA

Memorandum Pansangay
No. 359 s. 2021

October 21, 2021

Sa mga: Pangalawang Tagapamanihala ng mga Paaralan
Lahat ng mga Empleyado ng SDO-Abra
Punung-guro/Tagapamahala ng mga Paaralan
Pampublikong Paaralan, Elementarya at Sekondarya

## PANSANGAY NA PAGDIRIWANG NG BUWAN NG WIKA 2021

1. Alinsunod sa Memorandum Pangkagawaran Blg 46, s. 2021 at palatuntunan ng mga Gawain bilang pagtalima sa taunang pagdiriwang ng Buwan ng Wikang Pambansa tuwing Agosto 1-31, ang Dibisyon ng Abra ay magdadaos ng iba't ibang patimpalak na gagawing birtuwal para sa mga mag-aaral upang mabigyang kabuluhan ang programang ito.

2. Layunin ng pagdiriwang na ito na:
a. Ganap na maipatupad ang Pampanguluhang Proklamasyon Blg 1041;
b. Mahikayat ang mga iba't ibang ahensyang pampamahalaan at pampribado na makiisa sa mga programa tulad nito na nagpapataas ng kamalayang pangwika at pansibiko; at
c. Maiangat ang kamalayan ng mga mamayang Pilipino ukol sa wika at kasaysayan nito sa pamamagitan ng mga patimpalak.

3. Ang mga kalahok sa mga patimpalak ay ang mga nanalo ng unang gantimpala sa mga pampurok na paligsahan ng sampung (10) distrito sa elementarya at sampung (10) klaster sa sekondarya. Ang nabanggit na klaster sa sekondarya ay kaparehas ng sampung distrito sa elementarya kung saan matatagpuan ang mga paaralang sekondarya.

4. Kalakip sa memorandum na ito ang mga Mekaniks sa tatlong kategorya.

5. Ang gastusin sa meryenda, premyo ng mga kalahok at iba pang gastusin na may kaugnayan sa pagdiriwang ay manggagaling sa pondo ng Dibisyon o anumang ibang maaaring pagkunan ng pondo alinsunod sa mga panuntunan ng pagsusuma at pag-oodit.

6. Hinihiling ang agarang paghahatid sa kinauukulan ang Memorandum na ito.

**BENILDA M. DAYTACA EdD, CESO VI**
Pangalawang Tagapamanihala ng mga Paaralan
Nanunungkulan
Tanggapan ng Tagapamanihala ng mga Paaralan

cid/pbtjr/dm-BnW2021

RELEASED
OCT 2 1 2021


Republic of the Philippines
**Department of Education**
Cordillera Administrative Region
**SCHOOLS DIVISION OFFICE OF ABRA**

October 21, 2021

Memorandum Pansangay
No. 339 s. 2021

Sa mga: Pangalawang Tagapamanihala ng mga Paaralan
Lahat ng mga Empleyado ng SDO-Abra
Punung-guro/Tagapamahala ng mga Paaralan
Pampublikong Paaralan, Elementarya at Sekondarya

**PANSANGAY NA PAGDIRIWANG NG BUWAN NG WIKA 2021**

1. Alinsunod sa Memorandum Pangkagawaran Blg 46, s. 2021 at palatuntunan ng mga Gawain bilang pagtalima sa taunang pagdiriwang ng Buwan ng Wikang Pambansa tuwing Agosto 1-31, ang Dibisyon ng Abra ay magdadaos ng iba't ibang patimpalak na gagawing birtuwal para sa mga mag-aaral upang mabigyang kabuluhan ang programang ito.

2. Layunin ng pagdiriwang na ito na:
a. Ganap na maipatupad ang Pampanguluhang Proklamasyon Blg 1041;
b. Mahikayat ang mga iba't ibang ahensyang pampamahalaan at pampribado na makiisa sa mga programa tulad nito na nagpapataas ng kamalayang pangwika at pansibiko; at
c. Maiangat ang kamalayan ng mga mamayang Pilipino ukol sa wika at kasaysayan nito sa pamamagitan ng mga patimpalak.

3. Ang mga kalahok sa mga patimpalak ay ang mga nanalo ng unang gantimpala sa mga pampurok na paligsahan ng sampung (10) distrito sa elementarya at sampung (10) klaster sa sekondarya. Ang nabanggit na klaster sa sekondarya ay kaparehas ng sampung distrito sa elementarya kung saan matatagpuan ang mga paaralang sekondarya.

4. Kalakip sa memorandum na ito ang mga Mekaniks sa tatlong kategorya.

5. Ang gastusin sa meryenda, premyo ng mga kalahok at iba pang gastusin na may kaugnayan sa pagdiriwang ay manggagaling sa pondo ng Dibisyon o anumang ibang maaaring pagkunan ng pondo alinsunod sa mga panuntunan ng pagsusuma at pag-oodit.

6. Hinihiling ang agarang paghahatid sa kinauukulan ang Memorandum na ito.

**BENILDA M. DAYTACA EdD, CESO VI**
Pangalawang Tagapamanihala ng mga Paaralan
Nanunungkulan
Tanggapan ng Tagapamanihala ng mga Paaralan

sid/pbtjr/dm-BnW2021


Address: Actividad-Economia St., Zone 2, Bangued, Abra
Telephone No.: (074)614-6918
Website: http://www.depedabra.com
E-mail: abra@deped.gov.ph



ISO 9001:2015 Certified
Quality Management System
CRN 50500994 QM15

Accelerating and Bolstering Responsive Education that Nurtures Inspired and Outstanding LEARNERS. #ServingYOUwithaHeart

Kalakalip __I__ sa Memorandum Pansangay Bilang 359 s. 2021

MEKANIKS (Pamantayan ng mga Gawain Kaugnay sa Buwan ng Wika)

1. Bilang pagtugon sa "health protocols" na itinakda ng ating pamahalaan, ang mga awtput ng mga kalahok na lamang sa iba't ibang patimpalak ang ipapadala sa Division Office. Ang huling araw ng pagsumite ay sa ika-25 ng Nobyembre, 2021.
   a. Pagsulat ng Sanaysay
      - Ang sanaysay ay binubuo ng hindi kukulang sa 300 salita at hindi hihigit sa 500 salita.
      - Ilalagay ito sa "long-sized bond paper" (8.5"x13)
      - Espasyo bawat linya ay 1.5
      - Margin: left= 1.5 ", right = 1" , top = 1.5, bottom =1"
      - Font size: 12
      - Font Style: Cambria
      - Orientation: portrait
      - Ang pangalan ng kalahok, tagapagsanay at paaralan at ilalagay sa hiwalay na pahina

| Kategorya | Pagsulat ng Sanaysay | |
|---|---|---|
| Paksa | Ang paksa ay iikot sa buhay ng isang mag-aaral sa panahon ng pandemya Ang kalahok ay bubuo ng sariling pamagat ng kanyang sanaysay. | |
| Bilang ng Kalahok | Isa(1) | |
| Baitang ng Mag-aaral | Baitang 6 | |
| Batayan ng Kapasyahan | Pamatayan | Bahagdan |
| | NILALAMAN<br>• Kaugnayan sa Paksa<br>• Kalinawan sa Paglalahad<br>• Orihinalidad | 50% |
| | ORGANISASYON<br>• Kaisahan<br>• Pagkakaugnay | 40% |
| | MEKANIKS<br>• Wastong gamit ng salita<br>• Bantas<br>• baybay | 10% |
| | Kabuuan | 100% |

   b. Pagsulat ng Tula
      - Apat (4) na saknong na binubuo ng apat (4) na taludtod na may labing-anim (16) na sukat
      - Ilalagay ito sa "long-sized bond paper" (8.5"x13)
      - Espasyo bawat linya ay 1.5
      - Espasyo sa bawat saknong ay 3.0
      - Margin: left= 1.5 ", right = 1" , top = 1.5, bottom =1"
      - Font size: 12
      - Font Style: Cambria
      - Orientation: portrait
      - Ang pangalan ng kalahok, tagapagsanay at paaralan at ilalagay sa hiwalay na pahina

| Kategorya | Pagsulat ngTula |
|---|---|
| Paksa | Ang paksa ay iikot sa buhay ng isang mag-aaral sa panahon ng pandemya Ang kalahok ay bubuo ng sariling pamagat ng kanyang tula. |
| Bilang ng Kalahok | Isa(1) |

| | | |
|---|---|---|
| Baitang ng Mag-aaral | Baitang 10 | |
| Batayan ng Kapasyahan | Pamatayan | Bahagdan |
| | NILALAMAN<br>• Kaugnayan sa Paksa<br>• Kalinawan sa Paglalahad<br>• Orihinalidad | 40% |
| | ORGANISASYON<br>• Kaisahan<br>• Pagkakaugnay | 30% |
| | MEKANIKS<br>• Apat (4) na saknong<br>• Apat (4) na taludtod sa bawat saknong<br>• Labing-anim na sukat sa bawat taludtod<br>• Tugma | 30% |
| | Kabuuan | 100% |

c. Spoken Poetry

- Ito ay orihinal na komposisyon
- Ang pagtatanghal ay hindi bababa sa tatlong (3) minuto at hindi lalagpas sa limang (5) minuto. Hindi dapat mangbanggit ng anumang pagkakakilanlan ng kalahok o eskwelahan habang isinasagawa ang pagtatanghal.
- Maaaring gumamit ng instrumental na musika o anumang gamit pangmusika upang mapaganda ang pagtatanghal.
- Ang isusumiteng entri ay maaaring ilagay sa flash drive at ipadala sa Tagamasid Pansangay ng Filipino o ipadala sa kanyang messenger.

| | | |
|---|---|---|
| Kategorya | Spoken Poetry (Video) | |
| Paksa | Ang paksa ay iikot sa buhay ng isang mag-aaral sa panahon ng pandemya. | |
| Bilang ng Kalahok | Isa(1) | |
| Baitang ng Mag-aaral | Baitang 11 o Baitang 12 | |
| Batayan ng Kapasyahan | Pamatayan | Bahagdan |
| | Kaugnayan sa Paksa | 40% |
| | Kilos, galaw, kumpas, ekspresyon ng mukha at kasuotan | 30% |
| | Tamang lakas, diin, taginting ng boses at wastong pagkakabuklod ng mga salita | 30% |
| | Kabuuan | 100% |

2. Anumang katanungan at paglilinaw sa proseso ng paligsahan ay maaaring makipag-ugnayan sa Tagamasid Pansangay ng Filipino.

3. Anumang resulta mula sa mga hurado ay pinal at hindi na mababago.

4. Ang mga unang tatlong magwawaging ma-aaral sa tatlong kategorya ay makakatanggap ng perang papremyo at sertipiko ng pagkilala. Sertipiko naman ng Pagkilala ang matatanggap ng mga gurong tagapagsanay sa mga nagwagi. Lahat ng mga kalahok at tagapagsanay ay mabibigyan din ng Setipiko ng Pakikilahok.